

1. Tungkol sa Pagdaraos ng Ika-Labing Pitong Japanese Speech Contest.

Gaganapin ang Japanese Speech Contest sa Tochigi City Cultural Hall o ang Iwashita Shin Shoga Hall sa ika-12 ng Pebrero mula ala 1:00 ng hapon.

Sa paligsahan na ito ay ihahayag ng mga dayuhang residente ang kanilang mga karanasan at impresyon sa buhay sa bansang hapon at pagkakataon na rin upang ipakita ang mga resulta ng kanilang pang-araw-araw na pag-aaral ng wikang hapon.

Habang hinihintay ang pasiya ng mga hurado sa mga magwawagi sa talumpati ay magkakaroon ng Japanese drum performance ang grupong Kobu Gikkai.

Sa araw ng event ay maaring pumunta ang sinuman na gustong manood kahit walang reservation. Kaya inaanyayahan ang lahat na dumalo at suportahan ang nasabing event.

2. Ang Pag-apply ng My Numbers Card sa Post Office

Ang pag-apply ng My Numbers Card ay maaari ng gawin sa may 29 sangay ng Post Office ng lungsod mula katapusan ng Enero. Ang applications ay tatanggapin mula alas 9:00 ng umaga hanggang alas 4:00 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes maliban sa mga National Holidays at angkop lamang sa mga residente ng lungsod.

Sa proseso ng application ay mahalaga na dalhin ang mga dokumento na nagpapakita ng sariling “My Number” kung meron mang natanggap sa koreo. Ang Post Office ang kukuha ng litrato na gagamitin sa application form at wala itong bayad. Magbibigay assistance din sila sa pagsagot ng application form.

Mangyaring makipag-ugnayan sa napiling sangay ng Post Office upang mag-apply ng My Numbers Card at kumuha ng reservation ng mas maaga dahil inaasahang magiging masikip sa mga counters. Ang deadline para sa pag-apply ng My Numbers Card upang makatanggap ng My Numbers Point ay sa katapusan ng Pebrero.

Gamitin natin ang pagkakataon na ito upang isaalang-ala ang pagkuha ng My Numbers Card kung wala pa nito.

3. Ang Pang-labing anim na Hina Matsuri.

Sa ika-3 ng Marso ang sinasabing pagpapalit ng panahon o season ay ginaganap ang tradisyunal na Japanese Festival na kung tawagin ay “Hina Matsuri” na kung saan ay ipinapanalangin ang malusog na paglaki ng mga batang babae. Ang mga tahanan na may mga batang babae ay karaniwang naglalagay ng display na manika o ang “Hina Ningyo” at kumakain ng mga tradisyunal na Hinamatsuri Dish tulad ng Chirashi Sushi at Hina Arare. Ang mga manika para sa festival na ito ay tinatawag na “Ohinasama”.

Sa lungsod ng Tochigi, mula ika-24 ng Pebrero hanggang ika-5 Marso, ang paligid ng pangunahing downtown area na Kura no Machi hanggang sa Kaemon Cho at Uzuma River ay lalagyan ng mga palamuti ng Hina Dolls na gawa sa coloring pictures na likha ng mga bata sa Nursery at Kindergarden Schools. Sa weekends ay mayroon din ibat-ibang events para sa okasyong ito.

Pagmasdan natin ang mga lansangan na may palamuti ng Ohinasama.

4. Tungkol sa Childbirth at Child Rearing Gift Support Program ng Tochigi City.

Mula Enero sa lungsod ng Tochigi ay ipagkakaloob ang pinagsamang pag-alalay at counselling support sa mga kababaihang nagbubuntis at pinansyal na gift support upang magkaroon ng matiwasay na pagbubuntis at maibsan ang hirap sa pagpapalaki ng kanilang anak sa pamamagitan ng pagbibigay tulong pinansyal.

Ang pag-alalay at counselling support ay gagawin ng mga public health nurses at midwives na pupunta sa lahat ng expectant mothers mula sa pagsumite nito ng kanyang pregnancy notification hanggang sa pangalawang buwan pagkatapos nitong manganak upang magbigay payo o suporta na naayon sa indibidwal na kalagayan ng ina.

Ang financial gift ay ipagkakaloob sa mga inang nagbigay ng kanilang pregnancy notification at nag-aalaga ng kanilang sanggol na ipinanganak pagkatos ng Abril ng nakaraang taon na 2022. Ang mga kababaihan nagbubuntis ay pagkakalooban din ng 50,000 ¥ pagkatapos ng pakikipagpanayam at magbigay abiso sa kanyang pagbubuntis.

Bilang karagdagan, ipagkakaloob ang 50,000 ¥ na tulong pinansyal sa bagong panganak na sanggol pagkatapos makapanayam at mabisita ang lahat ng miyembro ng tahanan nito. Ang financial gift support ay ibibigay sa pamamagitan ng bank transfer. Ang mga eligible na bibigyan sa grant na ito ay makakatanggap ng abiso mula sa cityhall kaya mangyaring suriin ang notipikasyon kapag dumating ito.